# Ukol sa Pagbabakuna laban sa Covid-19 na Magsisimula sa Taglagas 2023

### ▼Pagbabakuna na Magsisimula sa Taglagas 2023

Ang pagbabakuna laban sa Omicron (XBB.1.5) ay nagsimula na nitong taglagas 2023.

(1) Taong Karapat-dapat sa Pagbabakuna

Ang mga nakatapos ng unang pagbabakuna (edad 5 at mas matanda: 1st at 2nd dose, 6 na buwang sanggol hanggang edad 4: 1st, 2nd, at 3rd dose) at edad na hindi bababa sa 6 na buwang sanggol at higit 3 buwan makalipas mula noong huling pagbabakuna.

(2) Bilang ng Pagbabakuna

1 beses bawat tao hanggang Marso 31, 2024

(3) Lugar ng Pagbabakuna

Mangyaring gumawa ng appointment sa inyong lokal na institusyong medikal (hindi inaalok ang mga pagbabakuna ng grupo).

(4) Kupon sa Pagbabakuna

・Kung mayroon kayong kupon sa pagbabakuna, mangyaring gamitin ito.

・Kung wala kang kupon sa pagbabakuna, kakailanganin mong mag-aplay para makatanggap ng kupon sa pagbabakuna. Gayunpaman, para sa mga sumusunod na indibidwal ay ipapadala sa pagkakasunud-sunod batay sa isinaad na iskedyul.

Sa mga nakatanggap ng pangatlo o higit pa na pagbabakuna mula Mayo 8 hanggang Setyembre 19, 2023, ang mga nag-apply para sa pag-iisyu ng kupon sa pagbabakuna dahil sila ay 65 taong gulang o mas matanda o mayroong pinagbabatayan na kondisyong medikal o kinilala ng isang doktor bilang nasa mataas na panganib ng malubhang karamdaman.

### ▼Ukol sa Unang Pagbabakuna

Ang bakunang naaayon sa Omicron (XBB.1.5) ay gagamitin para sa unang pagbabakuna.

(1) Iskedyul ng Pagpapatupad

Hanggang Marso 31, 2024

(2) Lugar ng Pagbabakuna

・Mitaki General Hospital para sa 6 na buwang sanggol hanggang edad 11

・Yamanaka Gastroenterology Hospital para sa edad 12 o higit pa

・Oyamada Memorial Onsen Hospital para sa edad 16 o higit pa




フィリピノ語

新型コロナワクチン令和５年秋開始接種について・接種券の発行申請方法

# Paraan sa Aplikasyon ng Kupon sa Pagbabakuna

### 1. Aplikasyon sa Internet

Maaari kang mag-aplay mula sa website ng lungsod. Gayunpaman, may mga kundisyon para sa mga maaaring mag-apply online. Kung hindi ito naaangkop sa inyo,gawin ang aplikasyon sa papel.

### 2. Aplikasyon sa Papel

Mangyaring ihanda ang mga kinakailangang dokumento at isumite ang mga ito sa pamamagitan ng koreo o dalhin ito sa counter ng mismong tanggapan.

**○ Kinakailangang Dokumento**

・Form sa Aplikasyon ng Kupon sa Pagbabakuna（i-download mula sa homepage ng lungsod）

・Kopya ng dokumento sa pagpapatunay ng pagkakakilanlan (ID)

・Kopya ng sertipiko sa pagbabakuna (kung saan maaaring kumpirmahin ang nakaraang kasaysayan ng pagbabakuna）

・（kapag ahente ang magsasagawa ng aplikasyon）Kopya ng dokumento sa pagpapatunay ng pagkakakilanlan ng ahente

・（kapag ahente ang magsasagawa ng aplikasyon）SPA / Authorization Letter

**○ Saan Isusumite**

・Koreo:

〒510-8601

Yokkaichi-shi Suwa-chou 1-5

Shingata Coronavirus Taisaku shitsu

・Tanggapan:

Yokkaich shi Sougou Kaikan 1F（Ordinaryong Araw 8:30～17:15）

**Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring tawagan ang call center (059-327-5990), o tingnan ang website ng lungsod, o puntahan ang counter (Yokkaichi shi Sougou Kaikan 1F).**